


Valley Transportation Authority

# *DOKUMENTO NG IMPORMASYON:* ***Mga Highway***

## Proyektong Pagpapabuti ng SR/Capitol Expressway Interchange

### Pangkalahatang Ideya

Ang Valley Transportation Authority (VTA) ng Santa Clara, sa pakikipagtulungan ng Lungsod ng San Jose at ng California Department of Transportation (Caltrans), ay nagrerekumenda ng mga pagbabago sa interchange ng Capitol Expressway sa State Route 87 (SR87) sa loob ng Lungsod ng San Jose. Ang katangian ng proyektong ito ay pagdadagdag ng mga elemento sa Kumpletong Kalye sa kahabaan ng Capitol Expressway at Narvaez Avenue. Ang layunin ng pagdagdag na ito ay para pasulungin ang transportasyon at para madaling madaanan ng mga bisikleta at pedestriyan na dumadaan sa mga kalyeng ito.

### Mga Layunin

Ang layunin ng proyektong ito ay:

- Gawing napapanahon ang kasalukuyang SR 87/Capitol Expressway Interchange at mawala ang nagpapasikip sa daloy ng trapiko sa mga rampang papasok at palabas.
- Tanggalin ang kasalukuyang mga pahilagang rampa sa Narvaez Avenue
- Pasulungin ang mobility (kakayahang makakilos) at pangkaligtasan para sa mga siklista at naglalakad na dumadaan sa kahabaan ng Capitol Expressway

### Mga Katangian ng Proyekto


Kabilang sa ilang iminungkahing pagpapasulong, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Palitan ang kasalukuyang SR 87/Capitol Expressway Interchange ng mga bagong pahilagang rampang papasok at palabas na direktang nagkokonekta sa Capitol Expressway
- Isara ang kasalukuyang pahilagang rampa ng SR 87 sa Narvaez Avenue
- Tanggalin ang kasalukuyang may signal na pahilagang rampa ng interseksyon ng SR 87 sa Narvaez Avenue
- Magtayo ng mga pader na pamigil kung kinakailangan

Dahil sa kasalukuyang mga paggamit ng lupain, sa proyekto ng VTA na Capitol Station Transit-Oriented Development, at mga proyekto sa hinaharap na inaasahang itatayo sa lugar na ito, magkakaroon ng malaki-laking pagtaas ng bilang ng lahat ng uri ng transportasyon, kabilang na ang mga sasakyan, mga siklista, pedestriyan, at pampublikong transportasyon. Inaasahang malaki-laki ang mga pagtaas na ito sa taong 2050. Idinidisenyo ang proyektong ito upang matugunan ang kasalukuyan at inaasahang mga pangangailangan.

### Gastos ng Capitol/Pagpopondo ng Proyekto

Tinatayang nasa pagitan ng $45 at $50 milyon ang gagastusin sa proyektong ito. Iminungkahing popondohan ang proyekto ng pinagsamang pagkukunan ng pondo mula sa Lungsod ng San Jose, at ng iba pang pondo na aalamin pa sa hinaharap.




### Iskedyul ng Proyekto (nakabinbin na pondo)

| | |
|---|---|
| Alternatibong Pagsusuri at Preliminary Engineering | 2021-2023 |
| Aprubal na Pangkapaligiran | 2023-2027 |
| Pagkumpleto ng Disenyo* | 2027-2029 |
| Konstruksyon ng Proyekto* | 2029-2031 |

** Buong pondo na aalamin pa*

### Mga Kapartner sa Pagpopondo

Caltrans
CITY OF SAN JOSE CAPITAL OF SILICON VALLEY
THE COUNTY OF SANTA CLARA 1850

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Para sa higit na impormasyon tungkol sa proyektong ito, mangyaring bisitahin ang Community Outreach ng VTA sa (408) 321-7575, TTY (408) 321-2330, o mag-email sa community.outreach@vta.org. Maaari din mo rin kaming bisitahin sa web sa www.vta.org/SR87Capitol

87capitol-TAG-032524